

1. Paalala Tungkol sa Bayarin sa National Pension.

Ang lahat ng mamamayan ng bansang hapon na may edad 20 hanggang 60 taong gulang ay inaatasang sumapi sa National Pension Plan.

Ang mga nagtrabaho sa mga kompanya ay kusang papasok sa Employer's Pension Plan na naiiba sa National Pension Plan at hindi na naiiba sa National Pension Plan at hindi na kailangan na dumaan sa pamamaraan na may kaugnayan sa huli. Gayunpaman, ang mga self-employed, estudyante o maging ang mga walang trabaho ay kailangan magpatala at magbayad na dapat dumaan sa pamamaraan ukol dito ng sarili lamang nila.

Ang bayarin sa National Pension ay nagbabago bawat taon at sa kasalukuyang taon ay nagkakahalaga ng 16,590 yen. Ang mga magbabayad ng cash para rito ay makakatanggap ng pay slips sa unang bahagi ng Abril. Ang buwanang bayarin sa premiums ay dapat bayaran hanggang sa huling araw ng susunod na buwan.

Para sa mga foreign students, dapat samantalain ang natatanging "Student Payment Exemption" dahil sila ay maaring exempted sa halaga ng pension premiums kapag nag-apply sa pangunahing gusali ng munisipiyo, sa mga sangay na tanggapan nito o sa National Pension Office.

Sa pag-apply ng exemption para dito, ay kailangan ang libreta ng pension (bluebook), My Numbers Card, School I.D o katulad na pagpapatunay na nag-aaral sa isang paaralan.

Ang National Pension ay matatanggap ng mga sumapi at nakapagbayad ng mahigit 10 taon. At sa mga hindi umabot ng 10 taong na nanirahan sa Japan at nakapagbayad nito ay maaaring irefund ang naibayad sa prosesong "Lumpsum Compensation" na kung saan ay pwedeng maibalik ang halagang naibayad depende ito sa kung gaano kahaba ang panahon ng pagsapi sa National Pension. Dapat ay mag-apply ng Lumpsum Withdrawal Payment sa Japan Pension sa loob ng dalawang taon pagkatapos makauwi sa sariling bansa.

Ang pagbayad ng National Pension ay isang obligasyon ng lahat ng nakatira sa bansang ito kahit dayuhang residente. Dapat tiyakin na nakakabayad ng maayos. Ang mga nagnanais na mag-apply para sa "Permanent Residence Status" o Naturalization ay dapat siguraduhin ang pagbabayad ng pension dahil kailangan ang pagpapatunay nito sa pag-apply sa mga naturang proseso.

2. Tungkol sa Pansamantalang Cash Benefits sa mga Households na Exempted sa Residential Tax.

Ang pansamantalang cash benefits o “Ayuda” sa mga households na exempteda Residential Tax ay ibibigay sa mga nangailangan ng tulong dahil sa epekto ng COVID 19 sa kanilang kabuhayan. Ang halaga ng benepisyo na ito ay 100,000 yen bawat household na angkop para dito.

Ang mga karapat-dapat na makakatanggap ng nasabing cash benefits ay ang mga residenteng nakarehistro sa lungsod mula pa noong ika-10 ng Disyembre ng 2021 na kung saan lahat na miyembro ng household ay hindi nakabayad o exempted sa Residential Tax payment. Ganundin ang mga households na nakarehistro sa lungsod sa araw ng application na naging apektado sa kanilang kabuhayan ang COVID 19 mula pa noong Enero ng 2021 na ang kanilang kalagayan ay katulad ng mga residenteng exempted sa bayarin ng Residential Tax.

Tungkol sa pamamaraan ng application at deadline nito para sa mga exempted ng Residential Tax ay magpapadala ang munisipiyo ng confirmation letter na dapat sagutan ang mga mahahalagang impormasyon at ibalik ito sa pamamagitan ng kalakip na self-addressed envelop hanggang sa katapusan ng Marso ngayong taon. Para naman sa mga lumipat ng tirahan dito sa Tochigi City mula pa noong ika-2 ng Enero ngayong taon ay padadalhan din sila ng lungsod ng application form, punan ang mahahalagang impormasyon at ipadala sa pamamagitan ng kalakip na return envelop hanggang sa ika-30 ng Setyembre ngayong taon.

Para naman sa mga pamilyang may biglaang pagbabago at bumaba aang kanilang household income dahil pa rin sa epekto ng COVID 19, maaring mag-apply sa nasabing benefit sa pamamagitan ng pagtawag sa call center hanggang sa ika-9 ng Setyembre taong kasalukuyan. Ang call center na itinalaga para sa pamimigay ng cash benefits ay ang numero 0282-28-7721. Maaring tumawag Lunes hanggang Biyernes mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon. Ito ay sa wikang hapon lamang. Upang makaiwas sa COVID 19 ay pinipigilan ang pagsiksikan sa mga counters ng city hall kung maaari ay huwag na lang direktang pumunta at tumawag na lang sa nasabing call center. Mangyari rin makipag-ugnayan sa tanggapan ng Tochigi International Community (TIC).

3. Mga tanyag na Lugar sa Tochigi City para Pagmasdan ang Cherry Blossoms.

Panahon na naman ng Cherry Blossoms at sa lungsod ng Tochigi ay maraming tanyag na lugar upang pagmasdan ito. Ipakikilala ito gaya ng mga sumusunod:

- Sa Nishikata Machi, ang “Sakura Tsuzumi” ng Kanzaki. Ito ay isa sa 100 napiling tanyag na scenic spot ng Tochigi. Ang mga hanay ng may humigit kumulang na 200 na puno ng Sakura sa tabi ng pampang ng ilog ng Omoigawa River ay isang napagandang tanawin.
- Sa Tsuga Machi, ang kilalang “Tsuga no Sato” na kung saan ang 170 taong na Tsuga no Sato Cherry Blossoms bilang umpisa at iba pang puno ng Sakura na may sunod-sunod na panahon ng pamumulaklak upang sa mahabang pagkakataon ay malugod na mapagmamasdan ang mga ito.
- Sa Miya Machi, ang “Miya no Sakura” na malapit sa tulay ng Miya Bridge sa ibabaw ng Naganogawa River. Mayroon itong humigit kumulang na 500 puno ng Sakura sa may 1 at kalahating kilometro ng kahabaan nito.
- Ang Mt. Ohira ng Tochigi City, isa sa napiling 100 na napakagandang lugar upang pagmasdan ang Cherry Blossoms sa Japan. Tanyag dito ang may kabuuang 2 kilometrong Cherry Blossom’s Tunnel sa may kahabaan ng scenic road ng Mt. Ohira. Sa tuktok ng bundok ay maaring kumain ng tatlong specialty ng Mt. Ohira. Ito ay ang Dango, Yakitori at Tamagoyaki, habang pinagmamasdan ang napakagandang tanawin.
- Ang “Sakura Dori” sa harap ng Ohira Sports Park, isa sa 100 na napiling pinakamagandang daan at ilog ng Tochigi. Iniilawan ito sa gabi.
- Ang hanay ng mga Sakura trees sa Fujioka Watarase Sports Park ay may light-up din sa gabi.

Halina at ikutin natin ang mga tanyag na lugar na ito sa Tochigi City at pagmasdan ang Cherry Blossoms o Sakura!